Iginagalang naming Magulang

Pangangalap at Pagtala ng Kinalakhang Wika ng mga Mag-aaral

Aking inilakip ang isang form na nagtatanong tungkol sa Kinalakhang Wika ng inyong anak. Ito ang unang wikang kinalakhang ng iyong anak sa kanilang pagkabata at na patuloy nilang ginagamit o naririnig sa bahay o sa inyong komunidad.

Kung ang kinalakhang wika ng inyong anak ay isang wika maliban sa Ingles, mangyaring isulat ang wikang ito. Ang tanong ay hindi tungkol sa pagkabihasa ng inyong anak sa pananalita ng Ingles.

Kung ang edad ng inyong anak ay 11 o mas bata pa, kailangan ninyong kumpletuhin ang form para sa kanila. Kung siya ay may edad na 11 hanggang 15, kailangang tulungan ninyo siyang magkumpleto ng form. Kung siya ay may edad na 16 o mas mataas pa, kailangan siya mismo ang magkumpleto ng form.

Mangyaring ibalik sa akin ang form sa nakalakip sa sobre, o ipadala o dalhin sa opisina ng paaralan (o i-email kung ito ay naipadala sa inyo sa ganyang pamamaraan). Manyaring kontakin ang opisina ng paaralan kung nais ninyong matulungang sa pagkumpleto ng form.

Ang impormasyong inyong ibibigay ay pananatiliing kumpidensiyal. Magagamit ito upang bigyan ang paaralan ng mas mabuting impormasyon tungkol sa inyong anak at tulungan kaming masigurong ang lahat ng mga bata ay may pagkakataon upang makamit ang kanilang kakayahan.

Ang impormasyon ay hindi mailalathala sa paraang makikilala ang ang mga indibwal na mga bata at ang impormasyon ay hindi magagamit para sa anumang ibang mga layunin. Paminsan-minsan ang impormasyong ito ay ibibigay sa Lokal na Awtoridad at sa DfES bilang kontribusyon sa mga lokal at pambansang estatistika.

Ang impormasyon tungkol sa Kinalakhang Wika ng inyong anak ay maibibigay sa alinmang paaralang na paglilipatan ng inyong anak upang hindi na kayong muling tanungin ng ganito.

Maaari ninyong hilinging makita ang impormasyon tungkol sa Wikang Kinalakhan ng inyong anak sa anumang oras at, kung nais ninyo, maaaring palitan o alisin ito.

Maraming salamat sa inyong tulong.

Lubos na sumasainyo,